Impormasyon sa Regulasyon ng Propesyon ng Pang-migrasyong Pagpapayo

Ang pagsasaling-wikang ito ay inihanda ng Office of the MARA para matulungan ang mga kliyente sa pag-intindi ng opisyal na IRMAP (Impormasyon sa Regulasyon ng Propesyong Pang-migrasyong Pagpapayo), na nasa wikang Ingles lamang.

Ang Rehistradong mga Ahente sa Migrasyon ay mga dalubhasang propesyunal. Kinakailangan nilang maabot ang pamantayan sa kakayahan sumunod sa Code of Conduct (Kodigo ng Pagkilos) at panatiliing nasa panahon ang kanilang kaalaman sa pang-migrasyong mga batas at mga patakaran. Labag sa batas ang pag-aalok ng tulong na pang-migrasyon kung hindi nakarehistro sa Pangasiwaan ng mga Rehistradong Ahente sa Migrasyon (Office of the Migration Agents Registration Authority – Office of the MARA).

Mga Rehistradong Ahente sa Migrasyon

Ang mga ahente sa migrasyon sa Australya ay kinakailangang rehistrado. Ang mga Rehistradong Ahente sa Migrasyon (Registered Migration Agents o RMAs) ay mayroong Code of Conduct na klarong naipapakita sa kanilang opisina at maaaring ibigay sa inyo kung inyong hihingin.

Ang RMA ay:

- magiging tapat sa inyo tungkol sa inyong pag-asa sa pagkuha ng bisang inyong inaaplayan
- patuloy na magpapaalam sa inyo ng progreso ng inyong aplikasyon at ng mga pagbabagong maaaring makakaapekto dito
- maaari ninyong makontak o makausap sa oras ng trabaho o habang bukas ang kanilang opisina at ipapaalam sa inyo kung sila ay magpapalit ng mga detalye sa pagkontak
- kumikilos alinsunod sa batas, sa inyong ikabubuti, sa inyong mga instruksiyon, at magpoprotekta ng inyong lihim
- magsasabi ng kahit anumang interes na mayroon sila na maaaring makaapekto sa inyong aplikasyon at hindi kikilos para sa inyo kung mayroong problema
- magbibigay sa inyo ng nakasulat na ulat, bago simulan ang trabaho, tungkol sa mga serbisyong ibibigay, sa kabayaran at ibang pang mga bayarin at magbibigay ng parehong ulat sa huli kasama ang mga serbisyong naisagawa at ang mga hinihinging kabayaran
- hihingi ng resonableng kabayaran at, kung kayo ay magbabayad ng abanse, itago ito sa isa pang naiibang akawnt sa bangko
- magbibigay sa inyo ng nasa panahon -at tamang payo at ipagbibigay-alam sa inyo ang inyong resulta sa lalong madaling panahon sa pamamagitan ng sulat.

Mga Reklamo

Inaasahang hindi kayo makakaranas ng problema sa serbisyong ibinibigay ng RMA, kung magkaroon man, dapat na ito ay lutasin ninyo ng direktahan sa kanila. Kung hindi ninyo magagawa, kontakin ang Office of the MARA. Maaaring hingin sa inyong kumpletuhin ang isang pormularyo ng pormal na reklamo na maaaring ipadala sa ahente sa oras ng pag-iimbestiga ng Office of the MARA, na walang-kinikilingan at im-parsiyal.

Kung nais ninyong siyasatin ang pagrerehistro ng inyong ahente, o nais ninyo ng karagdagang kaalaman tungkol sa mga proseso ng pagreklamo, maari po lamang na pumunta sa website ng Office of the MARA www.mara.gov.au

Ang Office of the MARA

Sa ilalim ng Batas Migrasyon 1958 at Regulasyon para sa mga Ahente sa Migrasyon 1998, ang Office of the MARA ay:

- nagrerehistro ng mga bagong ahente sa migrasyon at nagrerehistro ng mga umiiral na ahente
- nag-aapruba ng edukasyon o kurso sa pagpasok ng ahente at ng patuloy na mga gawaing pang-propesyunal na pagpapaunlad para sa mga ahente
- nagmomonitor ng kilos o pamamahala -ng mga RMA
- nag-iimbistiga ng mga reklamo laban sa mga RMA at nagdidisiplina sa kanila kung kinakailangan.

Ngunit ang Office of the MARA ay hindi makakatulong sa inyo sa inyong aplikasyon/sponsorship o paghingi ng refund mula sa inyong RMA.

Balido hanggang ika-1 ng Enero 2012

PO Box Q1551, QVB NSW 1230 | Phone: 1300 22 6272 or + 61 2 9078 3552
Fax: +61 2 9078 3591 | Email: info@mara.gov.au | Website: www.mara.gov.au